*Pangangailangan ng Sangkatauhan sa Mensahe ni*

# Muhammad

*sumakanya nawa ang kapayapaan at pagpapala ng Allah*




Tagalog

Natanong mo na ba ang iyong sarili o ikaw na tao: Sino ang lumikha sa iyo? Bakit ka nilikha? Bakit ka narito sa ibabaw ng lupa sa pamumuhay sa mundong ito?

Katiyakan na ang lumikha sa iyo ay ang Allah at hindi ang mga rebulto, hindi ang baka, hindi si Kristo, hindi ang kalikasan, at hindi rin ikaw ang nagpairal sa iyong sarili.

Sinabi ng Allah: (Sila ba na mga Mushrikun — sumasamba ng iba bukod sa Allah — ay nilikha na walang tagapaglikha, o sila mismo ang naglikha ng kanilang mga sarili? Ang dalawang bagay na ito ay parehong mali at imposible na kailanman ay hindi maaaring maging totoo. Na kung kaya, pinatunayan ng Allah na Siya ang lumikha sa kanila, at Siya lamang ang Bukod-Tangi na walang dapat na sambahin bukod sa Kanya. O nilikha ba nila ang mga kalangitan at kalupaan na ang ganitong pagkakalikha ay napakaganda? Hindi ang kanilang inaakala ang katotohanan kundi bagkus ay hindi talaga sila naniniwala sa kaparusahan ng Allah kaya sila ay sumasamba ng iba.) *Al-Qur'an 52:35-36,* Kung imposibleng sila ay umiral nang walang Tagapagpairal at imposible ang paglikha nila sa kanilang sarili; mapagtitibay natin na ang Allah ang Siyang Tagapaglikha.



Marami sa mga tao ang walang malay sa totoong pananampalatayang ito: Na ang Allah ang kanilang Rabb (Panginoon) at Tagapaglikha, at Siya ang kanilang Diyos na sinasamba na obligado sa kanilang Siya ay sambahin nang nag-iisa. Katiyakan na ikaw ay nilikha ng Allah at ipinagkaloob sa iyo ang mga biyaya; upang Siya ay iyong sambahin nang Nag-iisa at walang katambal. Sinabi ng Allah: (At hindi ko nilikha ang jinn at ang tao, at sa pagkapadala ng lahat ng

mga Sugo kundi sa napakataas na uri ng layunin, na ito ay sambahin lamang Ako nang bukod-tangi at wala ng iba pa. At hindi Ko kailangan mula sa kanila ang kabuhayan at hindi Ko kailangan na Ako ay pakainin nila, dahil walang pag-aalinlangan, Ako ay nagbibigay ng kabuhayan at Tagapagkaloob. Na ang Allah, luwalhati sa Kanya, ay hindi nangangailangan sa Kanyang mga nilikha, sa halip sila ang mga nangangailangan sa Kanya sa lahat ng pagkakataon, na Siya na lumikha sa kanila at bumubuhay sa kanila ay ganap na hindi nangangailagan sa kanila at sa kahit na anupaman.) *Al-Qur'an 52:56-58*

Kapag nakasiguro ka na ang Lumikha sa iyo ay ang Allah, na ikaw ay Kanyang inutusan na sambahin Siya, dapat mong mabatid na kailangan mo ng isang tao na magpapaliwanag sa iyo kung paano sasamba sa iyong

Panginoon, at paano Siya malulugod sa iyo. Dahil dito ay ipinadala ng Allah ang Kanyang huling Sugo na si Muhammadﷺ.

Sinabi ng Allah: (Sabihin mo, O Muhammad ﷺ, sa mga tao, lahat sila: Katiyakan, ako ay Sugo ng Allah sa inyong lahat, na ito ay para sa lahat-lahat at hindi sa iilan lamang — na Siya, ang Allah ang Nagmamay-ari ng buong kalangitan at ng kalupaan at ng anumang mga niloloob nito. Walang sinuman ang nararapat na pag-ukulan ng bukod-tanging pagsamba kundi Siya lamang, ang Kapuri-puri at Kataas-taasan, na Makapangyarihan sa pagsagawa ng Kanyang nilikha, na Siya ang nagbibigay ng buhay at nagsasanhi ng kamatayan at magbubuhay muli (sa lahat). Na kung kaya, maniwala kayo sa Allah at tanggapin ninyo ang Kanyang Kaisahan sa pamamagitan ng pagsamba sa Kanya nang bukod-tangi at sundin ninyo ang Kanyang Sugo na si Muhammad ﷺ, ang Propetang hindi marunong bumasa at sumulat, na siya (Muhammad ﷺ) ay naniwala sa Allah at sa anumang ipinahayag Niya sa kanya, at sa anumang ipinahayag sa mga Propeta na nauna kaysa sa kanya, at sundin ninyo ang Sugong ito at ipatupad ninyo ang pagsagawa ng lahat ng anumang ipinag-utos niya sa inyo bilang pagsunod sa Allah; at paghahangad na kayo ay gabayan sa Matuwid na Landas.) *Al-Qur'an 7:158.*

Katiyakan na ang sangkatauhan ay nangangailangan ng Sugo na manghihikayat sa kanila tungo sa kanilang Panginoon sa pamamagitan ng mabuting pamamaraan at Hikmah (may malalim na karunungan; upang hindi sila maitaboy palayo. Sinabi ng Allah: (Hikayatin mo, O Muhammad ﷺ, ikaw at ang sinumang sumunod sa iyo, ang mga tao

tungo sa Relihiyon ng iyong Rabb na Tagapaglikha at Matuwid Niyang Landas, sa pinakamagandang pamamaraan na ipinahayag ng Allah sa iyo sa Aklat at sa Sunnah, at makipag-usap ka sa mga tao sa pinakawastong pamamahayag, at payuhan mo sila ng pinakamagandang pagpapayo, na magiging kahali-halina sa kanila ang pagsagawa ng kabutihan, at ilayo mo sila sa kasamaan, at mangatwiran ka sa kanila sa pinakamahusay na pamamaraan ng pangangatwiran na ito ay malumanay at banayad.) *Al-Qur'an 16:125*



Tunay na ang Propeta ﷺ ay ang tagapagparating mula sa Allah na Panginoon ng sanlibutan. Walang paraan upang malaman ang ikinalulugod ng Allah at Kanyang ikinagagalit liban sa pamamagitan ng Propeta ﷺ na nagsabi: (O sangkatauhan, walang anumang bagay na makapaglalapit sa inyo tungo sa Paraiso at makapaglalayo sa inyo mula sa Impiyerno liban na iyon ay iniutos ko sa inyo. At walang anumang bagay na makapaglalapit sa inyo tungo sa Impiyerno at makapaglalayo sa inyo mula sa Paraiso liban na kayo ay pinagbawalan ko rito.)

Tunay na ang sangkatauhan ay nararapat sa kanila na mayroon silang paraan na tatahakin sa kanilang pamumuhay, na inaayos para sa kanila ang kanilang buhay at pakikipag-ugnayan sa pagitan nila. Kaya ang sinumang pinagmuni-munihan ang batas ni Muhammad at ang mga napapaloob ditong mga hatol at katuruan, makikitang ito ay isang tunay na kamangha-mangha; sapagkat nasasaklaw nito ang lahat ng makabubuti sa mga lingkod ng Allah at lahat ng kinakailangan nila, dahil sa pagiging wasto nito, awa na narito at pagsasaayos na mayroon ito.

Ang halimbawa nito, pagmuni-munihan ang mga katuruan ni Muhammad tungkol sa relasyon ng kapit-bahay sa kanyang kapit-bahay:

- Pagbibigay ng payo para sa kanya: Sinabi ng Propeta ﷺ: "Patuloy si Jibreel na nagbibigay ng payo sa akin tungkol sa kapit-bahay hanggang sa akalain ko na ibibilang niya ito sa tagapagmana."
- Ang pag-utos na pagsilbihan o igalang siya: Sinabi ng Propeta ﷺ: "Sinumang naniniwala sa Allah at sa araw ng paghuhukom, ay kanyang pagsilbihan o igalang ang kanyang kapit-bahay."
- Ang pagbabawal na siya ay gawaan ng masama: Sinabi ng Propeta ﷺ: "Sinumang naniniwala sa Allah at sa araw ng paghuhukom ay huwag niyang gawaan ng masama ang kanyang kapit-bahay."
- Ang pagtatanong tungkol sa kanya at pagtulong sa kanya kung siya ang nangangailangan: Sinabi ng Propeta ﷺ: "Hindi naniniwala sa akin: ang sinumang natulog nang busog, samantalang ang kanyang kapit-bahay ay gutom sa sulok, at ito ay alam niya."

Mayroon bang mga batas sa lupa o sistema ng tao na nagbibigay-galang sa kapit-bahay tulad ng mga utos na ito ni Muhammad ﷺ?!



Tunay na ang tao ay nangangailangan ng taong katulad nila na mayroong kakayanan, titingin sila sa kanyang mga gawain, at gagayahin nila ang ginagawa niyang kabutihan at naghihimok sa kanila sa paggawa ng matuwid na gawain.

At si Propeta Muhammad ﷺ ay ang katangi-tanging huwaran para sa lahat ng tao sa paglipas ng mga panahon.

Sinabi ng Allah: (Katiyakan, para sa inyo, O kayong mga mananampalataya, sa mga sinasabi ng Sugo ng Allahﷺ, sa kanyang mga ginagawa at kaugalian ay mabuting halimbawa na dapat ninyong pamarisan, na kung kaya, magpakatatag kayo sa kanyang Sunnah dahil ang sumusunod lamang at gumagaya nito ay ang sinumang naghahangad na makatagpo ang Allah at ang mabuting gantimpala sa Kabilang-Buhay, at palaging pumupuri sa Allah at humihingi ng kapatawaran at nagpapasalamat sa Kanya sa lahat ng pagkakataon.) *Al-Qur'an 33:21*

At ang Sugo ﷺ kahit na hindi natin kasama ang mismong katawan niya, pero siya ay kasama natin sa pamamagitan ng kanyang mga Hadith at mga katuruan. At ang pinakamainam na pamamaraan ay ang pamamaraan ni Muhammad ﷺ; kaya obligado ang pagbalik sa kanyang mga itinuro at pagsunod sa kanyang marangal na pamamaraan.

Katiyakan na si Muhammad ﷺ ay nasa rurok ng napakabuting pag-uugali para sa sinumang nagnanais na gayahin siya.

Siya ang halimbawa sa pagiging matapat, mapagkakatiwalaan, mapagbigay, katapangan, mapagpatawad kahit siya´y may kakayanang gumanti, pagiging mahiyain, kadalisayan ng sarili, pagkamatiisin, asetisismo, pagkamahinahon at lahat ng mararangal na pag-uugali. At katiyakang ito ay nasaksihan ng kanyang mga kalaban bago pa ang kanyang mga tagasunod.

Sinabi ng Allah: (at kapag kayo ay sumunod sa kanya ay gagabayan kayo sa katotohanan, at ang tungkulin lamang ng Sugo ay iparating ang mensahe ng kanyang Rabb na Tagapaglikha ng malinaw na pagpaparating.) *Al-Qur'an 24:54.*

# Mga Marangal na Katangian

- Matapat
- Mapagkakatiwalaan
- Mapagbigay
- Matapang
- Mapagpatawad
- Mahiyain
- Dalisay
- Matiisin
- Asetisismo
- Mahinahon

DISCOVER
AL-ISLAM

www.DiscoverAlislam.com
@AlislamDiscover

**I-CLICK ANG ICON**
upang mag-download
ng polyeto sa ibang wika